VII Impormasyon at Telekomunikasyon

VII-1 Telepono

1. Pag-aaplay para makabitan ng Telepono

Kung ikaw ay nagnanais makabitin ng linya ng telepono sa inyong bahay, maaari lamang mag-aplay sa NTT sa pamamagitan ng pagtawag sa 116 mula sa pampublikong telepono. (Wikang Hapones ang maririnig). Ikaw ay hahanapan lamang ng katibayan ng iyong pagkakakilanlan (tulad ng pasaporte o Certificate of Alien Registration) and magbabayad lamang ng sumusunod na halaga:

< buong bayad>

	Kontrata	Bayad sa pagpapalinya ng telepono	Bayad sa pagpakabit	Total	
Nakaplanong telepono	840 yen	37,800 yen	Walang bayad	38,640 yen	Para sa matagalang gamit (pinakamababang buwanang bayad)
Pinakamurang nakaplanong telepono	840 yen	Walang bayad	2,100 yen	2,940 yen	Para sa madaliang gamit (pinkamababang paunang bayad)

2. Pagbabayad

Makikita sa bill ng telepono ang “basic monthly charges” at kabuuang tuos sa buwanang paggamit ng telepono. Maaaring magbayad nito sa pinakamalapit na mga convenience store, banko at iba pang lugar na tumatanggap ng bayad. Bukod dito, possible ding awtomatikong ibawas sa inyong credit card o account sa banko o post office. (Kailangan munang mag-aaplay sa ganitong serbisyo). Ang hindi pagbabayad ng bill o utang ay magiging dahilan ng pagputol o paghinto sa serbisyo ng telepono..

3. Mga Tanong Tungkol sa Serbisyo ng Telepono

Sa mga katanungan tungkol sa bill ng telepono at iba pang serbisyo, makipag-ugnayan lamang sa NTT WEST sa mga sumusunod na paraan:

URL http://www.ntt-west.co.jp/

	Numero ng Telepono	Oras
NTT Information Center (Customer Center para sa mga banyagang wika)	0120-364-463	Lunes - Biyernes 9:00-17:00 Mga wika: English, Spanish, Korean, Portuguese, Chinese and French
Pagpapakabit o pagpapalipat ng linya ng telepono at iba pang serbisyo.	116	9:00-17:00 Lunes hanggang Linggo pati holidays
Sira o putol na linya ng telepono	113	24 oras
Pagtawag sa Operator(may bayad)	104	24 oras
Paghanap ng numero sa wikang Ingles	URL http://English.itp.ne.jp	
Sa mga panahon ng sakuna o emergency	171	Gamitin lamang kapag may sakuna o emergency